

## The GAA as a Release Document

### MGA SAGOT SA ILANG KATANUNGAN:

1. **Ano ang *GAA as a Release Document*?**

Sa ilalim ng patakarang ito, itinuturing nang *released* o naibigay na sa mga ahensiya bilang *allotments* ang kanilang mga *budget* o *appropriations* para sa taon sa sandaling nagkabisa na ang Pambansang Budget o *General Appropriations Act (GAA)*. Lahat ng nasabing *appropriations* ay itinuturing na *released* o naibigay na sa mga ahensiya, liban na lang sa mga *appropriations* na mapapabilang sa isang negative list.

Ang mga *allotments* – o pahintulot sa mga ahensiya na gumamit ng pondo sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto nito – ang itinuturing na *released* na sa mga ahensiya sang-ayon sa patakarang ito. Samantala, ang aktuwal na salapi – ang ipambabayad sa mga obligasyon ng mga ahensiya dulot ng pagpapatupad ng mga programa at proyekto – ay ire-release o ibibigay sa mga ahensiya sa pamamagitan ng mga *Disbursement Authority*, katulad ng *Notice of Cash Allocation* o *NCA*.

2. **Bakit isinasakatuparan ang batas na ito?**

Pinabibilis ng patakarang ito ang paglalabas ng mga budget at, higit sa lahat, ang pagpapatupad sa mga mahahalagang programa at proyekto. Kapag hawak na ng mga ahensiya ang mga *allotment* nila sa sandaling magkabisa ang *GAA*, maari na silang pumasok sa mga kontrata at iba pang legal na obligasyong tutustusan, gamit ang salapi ng gobyerno.

Dati, kailangan pang hintayin ng mga ahensiya ang paglalabas ng Department of Budget and Management (DBM) ng mga *allotment* (tulad ng Agency Budget Matrix o ABM at Special Allotment Release Order o SARO) bago sila pumasok sa mga obligasyon kaugnay ng pagpapatupad ng mga programa at proyekto. Ngayon, oras na magkabisa na ang Pambansang Budget, agad-agad, makapagpatupad na ang mga ahensiya ng kanilang mga programa at proyekto.

Sinusuportahan din ng patakarang ito ang mga reporma sa *government procurement*, tulad ng maagang pagpapa-*bidding* ng mga proyekto at pangongontrata sa mga nagwaging bidder sa sandaling magka-bisa na ang GAA; hindi tulad ng dati na inaabot na ng kalagitnaan ng taon o higit pa ang pag-award sa mga nanalong kontratista at pagsisimula ng mga proyekto.

3. **Ano ang nakapaloob sa negative list?**

Nakatala sa *negative list* ang mga *appropriation* na sa ilalim ng batas ay mailalabas lamang kapag may pahintulot na mula sa may awtoridad na magbigay nito at/o pagtupad sa mga kondisyong nakasaad sa batas. (hal. alinsunod sa mga palatuntunin ng isang ahensiya ng pamahalaan). Kabilang dito ang mga sumusunod:

- (a) Lump-sum Funds sa mga budget ng mga ahensiya, na hindi pa nakadetalye sa mga partikular na programa at proyekto sa GAA;
- (b) Special Purpose Funds, kabilang na ang Budgetary Support to Government Corporations;
- (c) Iba pang mga *budget item* na kailangang tumupad sa kondisyong nakatala sa General o Special Provisions ng GAA at Budget Affirmation o Veto Message ng Pangulo sa pagsasabatas ng GAA; at
- (d) Lahat ng Automatic Appropriations, kasama na ang tinatawag na Special Accounts in the General Fund.

Kaugnay nito, ipagbibigay-alam ng DBM sa mga ahensiya ang mga programa at proyektong saklaw ng *negative list* at ang halaga ng mga ito.

4. **Bakit kailangang ipaloob ang mga ito sa negative list?**

Upang mai-release ang mga *budget item* na nakatala sa *negative list*, kinakailangan ng mga ahensiya na magsumite ng karagdagang detalye at dokumentasyon, o di kaya ng pagtupad sa mga kondisyon. Halimbawa, pagdating sa mga *E-Government Fund*, sang-ayon sa batas ay kailangan munang tumupad sa mga alituntunin ng *Information and Communications Technology Office* bago mai-release ang pondo mula sa E-Gov Fund na ito.

5. **Kailan maaring magsimulang mag-*obligate* (magkaroon ng mga obligasyon kaugnay sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto) ang mga ahensiya?**

Sa sandaling magkabisa na ang GAA sa simula ng taon, maari nang mag-*obligate* ng kanilang mga budget ang mga ahensiya, liban na lamang sa mga *budget item* na saklaw ng *negative list*.

6. **Kailangan pa bang magpasa ng Budget Execution Documents (tulad ng Physical and Financial Plans, Cash Program, Atbp.)?**

Oo. Kailangan pa ring magpasa ng mga BEDs bago sumapit ang ika-30 ng Nobyembre ng bawat taon, batay sa National Expenditure Program. Kung may pagbabago man sa GAA, babaguhin din ang mga BEDs sang-ayon sa mga ito.

7. **Maliban sa mismong GAA, magkakaroon pa ba ng iba pang *release document*?**

Sa pagre-*release* ng mga *budget item* na nakapaloob sa *negative list*, gagamitin ang Special Allotment Release Order (SARO), na magsisilbing awtorisasyon sa mga ahensiya na pumasok sa mga obligasyon para sa programa at/o proyektong nakasaad sa SARO.

Samantala, pagdating sa paggastos ng aktwal na salapi bilang pambayad sa mga obligasyon ng mga ahensiya, ire-*release* ang mga ito sa pamamagitan ng mga *Disbursement Authority*, tulad ng Notice of Cash Allocation o NCA, Non-Cash Availment Authority o NCAA at Cash Disbursement Ceiling o CDC.

8. **Ano ang mga kailangang ipasa ng ahensiya para suportahan ang paglalabas ng mga *budget item* na saklaw ng *negative list*?**

Kakailanganin ng mga ahensiya sa magsumite sa DBM ng mga *special budget request* na sinusupportahan ng mga *Physical and Financial Plans* at iba pang dokumento at kundisyong nakasaad sa mga kasalukuyang patakaran at regulasyon.

9. **Makaka-apekto ba ang pagsama ng mga programa at proyekto sa *negative list* sa *performance targets* ng mga ahensiya?**

Hindi dapat. Inaasahang magpasa ang mga ahensiya ng mga kakailanganing dokumento para sa pagre-*release* ng kanilang mga budget, sang-ayon sa kanilang itinakdang iskedyul ng pagpapatupad

sa mga programa at proyekto na dapat ay nakasaad sa kanilang mga *Physical and Financial Plans*.

10. **Pinahihintulutan ba ang mga realignment sa ilalim ng patakarang ito ng *GAA as a Release Document*?**

Hangga't maari, iniwasan ang pagbabago ng proyekto o pagre-align ng mga budget upang matiyak ang maayos na pagpapalano at pagpapatupad ng mga programa at proyekto. Gayunpaman, maaring payagan ang mga ito kung talagang kinakailangan, alinsunod sa mga patakarang nakasaad sa GAA at mga regulasyon ng DBM.

11. **Resulta ba ng patakarang *GAA as a Release Document* ang bagong hitsura ng Panukalang Budget para sa taong 2014?**

Hindi. Resulta ito ng isang pang reporma – ang *Performance-Informed Budget Structure* – kung saan nakapaloob na sa Pambansang Budget ang mga *strategic objective* at *performance target* ng bawat ahensiya.

12. **Sa ilalim ng patakarang *GAA as a Release Document*, paano maipagbibigay-alam sa mga *stakeholder* ang pagpapatupad sa mga programa at proyekto?**

Inaasahang ipapatupad agad ng mga ahensiya ang mga programa at proyekto sa sandaling magka-bisa ang GAA, at alinsunod sa kanilang mga *Physical at Financial plan*. Alinsunod sa *Transparency Seal*, inaasahan din na isiwalat ng mga ahensiya sa publiko at ipaskil sa kanilang mga *website* ang progreso ng implementasyon ng kanilang programa at proyekto.